File

Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-SAMPUNG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG MARSO 07, 2022 SA BARANGAY BENLI COVERED COURT, BULALACAO, ORIENTAL MINDORO

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Regular na Tagapangulo |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Tulay M. Caring | IP's Mandatory Representative |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

x-----------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 22-03-231

**KAPASYAHANG HUMIHILING SA KAGAWARAN NG TURISMO, SA PAMAMAGITAN NG REGIONAL DIRECTOR, ENGR. CHRISTOPHER V. MORALES NA MAPAGKALOOBAN NG PONDO PARA SA PAGPAPAGAWA NG SOUVENIR SHOP SA BARANGAY BENLI, BULALACAO, ORIENTAL MINDORO**

May-Panukala at Isponsor:
**Sangguniang Bayan Member KIEVEN E. CANTOS**

Mga Isponsor:
**Sangguniang Bayan Member EDEZER F. ACERON**
**Sangguniang Bayan Member DEXTER R. GONZALES**

"**SAPAGKAT,** ang turismo ay hanay ng mga aktibidad na isinasagawa ng mga tao sa pamamagitan ng paglalakbay sa mga lugar upang maglibang, magsagawa ng negosyo at iba pa na magdudulot ng pag-unlad ng isang lugar.

"**SAPAGKAT,** ang munting Bayan ng Bulalacao ay matatagpuan sa dulong bahagi ng Lalawigan ng Oriental Mindoro kung saan ang kahirapan sa pamumuhay ay patuloy pa ring nararanasan ng malaking bahagi ng populasyon nito lalo higit ang mga katutubo na kung tawagin ay Hanunuo Mangyan;

"**SAPAGKAT,** ang mga Mangyan ang unang nanirahan sa isla ng Mindoro na binubuo ng etnikong grupo mula hilaga hanggang timog tulad ng Iraya, Alangan, Tadyawan, Tawbuid (Batangan), Buhid, Hanunuo at Ratagnon. Ang mga ito ay hitik sa katutubong kultura, tradisyon lalo higit ang talento sa paglikha ng iba't-ibang produkto.

CS CamScanner

"**SAPAGKAT,** ang Barangay Benli ay barangay na nasa gawing kabundukan ng Bayan ng Bulalacao na binubuo ng 5,818 populasyon ayon sa 2020 Census of Population, kung saan lahat ng mamamayang nakatira rito ay katutubo. Isa sa mga pinagkukunan ng kanilang ikinabubuhay ay ang paghabi ng ramit, pagtutuhog ng beads at paglalala ng buri upang gawing produkto na ibinebenta sa kabayanan sapagkat walang tukoy na pamilihan ng mga likhang katutubo kung kaya, sa pamamagitan ng Souvenir Shop ay magkakaroon ng tukoy na lugar ang mga bisita at turista na makabili ng kanilang mga orihinal na produkto; Kung kaya't dahil dito...

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Humihiling sa Kagawaran ng Turismo sa pamamagitan ng Regional Director, Engr. Christopher V. Morales na mapagkalooban ng pondo para sa pagpapagawa ng Souvenir Shop sa Barangay Benli, Bulalacao, Oriental Mindoro

**SA MUNGKAHI** nina Konsehal Kieven Cantos, Konsehal Edezer F. Aceron at Konsehal Dexter R. Gonzales na pinangalawahan ni Konsehal Dennes M. Faner, ang kapasyahang ito ay

**PINAGTIBAY**": Marso 07, 2022, Barangay Benli, Bulalacao, Oriental Mindoro.

x------------------------------------------------------------x

| | |
|---|---|
| **KGG. DEXTER R. GONZALES**<br>SB Member | **KGG. DENNES M. FANER**<br>SB Member |
| **KGG. EDEZER F. ACERON**<br>SB Member | **KGG. GERMAN S. ACOSTA**<br>SB Member |
| **KGG. KIEVEN E. CANTOS**<br>SB Member | **KGG. JESS V. SAPUNGAN**<br>SB Member |
| **KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**<br>SB Member | **KGG. EDWIN C. ACERON**<br>SB Member |
| **KGG. ENRICO C. VILLAS**<br>Pangulo, Liga ng mga Barangay | **KGG. TULAY M. CARING**<br>IP's Mandatory Representative |

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: April 07, 2022

03/22/22/PLP/dsq